
# KAMALAYAN TUNGKOL SA CMV

Isang survey ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) noong 2016 ang nag-ulat na 9% lamang nga mga kababaihan ang nakarinig sa CMV (cytomegalovirus), at kakaunti ang may kamalayan sa mga hakbang laban sa birus. Ang American College of Obstetricians and Gynecologists (ACOG) at ang CDC ay inirekomenda na payuhan ng mga OB/GYN ang mga kababaihan sa pangunahing mga hakbang sa pag-iwas upang magbantay laban sa inspeksyon ng CMV, ngunit 44% lamang ng mga OB/GYN ang nag-ulat ng pagpapayo sa kanilang mga pasyente tungkol sa pag-iwas sa CMV, ayon sa survey noong 2007.


## ANG MGA BATA SA US NA IPINANGANAK NA MAYROON O NAGKAKAROON NG PANGMATAGALANG MEDIKAL NA KONDISYON BAWAT TAON

Pinagmulan: http://www.cdc.gov




## KAMALAYAN NG MGA KABABAIHAN SA MGA KONDISYON NA NAKAKAAPEKTO SA MGA BATA

Pinagmulan: http://www.cdc.gov




## PAG-IWAS NG MGA BUNTIS NA KABABAIHAN SA CMV

Ang CMV ay pangkaraniwang birus sa mga bata, at tinatayang hanggang 70% ng mga malulusog na bata sa pagitan ng 1 at 3 taong gulang ang may CMV.

Simpleng mga hakbang upang maiwasan ang pagkakalantad sa laway at ihi na maaaring pumigil sa CMV:

- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig sa loob ng 15-20 na segundo, lalo na pagkatapos magpalit ng mga lampin, magpakain ng bata, magpunas ng ilong o laway ng bata, at paghawak sa mga laruan ng bata.
- Huwag magbahagi ng pagkain, mga inumin, o mga kagamitan sa pagkain sa mga bata.
- Huwag ilagay ang paci ier ng bata sa iyong bibig.
- Huwag magbahagi ng sipilyo sa bata.
- Iwasang makipag-ugnay na may laway kapag hinahalikan ang bata.
- Linisin ang mga laruan, mga countertop, at iba pang mga ibabaw na nalawayan o naihian ng bata.

Sa pamamagitan ng pagsisikap ng National CMV na turuan ang mga pambansang mambabatas at mga regulator sa kahalagahan ng pag-iwas sa CMV, ang Senado ng Estados Unidos ay ipinasa ang batas na inirerekomenda na “mas marami pang pagsisikap ang dapat gawin upang payuhan ang mga kababaihan na nasa edad ng panganganak sa epekto ng birus na ito sa kanilang mga anak”. Itinalaga ng Senado ng Estados Unidos ang Hunyo bilang “National Cytomegalovirus Awareness Month” noong 2011 at 2012.

NATIONAL CMV FOUNDATION

IDPH
ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH